



### **Magsisimula ang rehistrasyon sa Hunyo 7 para sa personal at birtwal na mga summer camp sa Brampton**

BRAMPTON, ON (Hunyo 4, 2021) – Sa summer na ito, ang Brampton Recreation ay nag-aalok ng personal at birtwal na mga summer camp mula Hulyo 5 hanggang Setyembre 3. Ang rehistrasyon ay magsisimula sa Lunes, Hunyo 7, sa 6 am para sa mga residente ng Brampton.

#### **Personal na mga Summer Camp**

Ang Nine City ng Brampton Recreation Centres ay magho-host ng personal na mga summer camp para sa mga bata at kabataan. Kabilang sa mga camp na ito ang mga aktibidad tulad ng games, sports, crafts at marami pa, mula Lunes hanggang Biyernes 8:45 am hanggang 5:15 pm at isang pinaikling linggo sa Agosto 2.

Pinapayagan ang personal na mga summer camp ng Pamahalaan ng Ontario sa panahong ito. Ipinapatupad ng Lungsod ng Brampton ang pinaigting na mga protokol para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga kalahok na may gabay mula sa Peel Public Health. Ang mga kalahok ay inuutusang magsuot ng mga facemask indoor sa lahat ng oras, at sa outdoor kapag hindi posible ang paglayo mula sa iba. Hahatiin sa pangkat-pangkat ang mga camper na hindi makikihalubilo sa isa't isa. Isinasagawa ang mga pamamaraan ng pinaigting na paglilinis, araw-araw na screening, at mas marami pa.

[I-click dito para sa kumpletong mga detalye sa kalusugan at kaligtasan ng personal na summer camp.](#)

Mag-iiba-iba ang mga bayad. Tumawag sa 311 o bisitahin ang [www.brampton.ca/reccamps](http://www.brampton.ca/reccamps) para magpa-register.

#### **Birtwal na mga Summer Camp**

Sa sunod-sunod na ikalawang taon, ang mga bata at kabataan sa Brampton ay pwedeng magpatala para sa birtwal na mga summer camp. Magaganap ang mga camp mula Lunes hanggang Biyernes sa loob ng 1.5 oras bawat araw na mag-iiba-iba ang oras ng pagsisimula batay sa programa. Ang lahat ng programa ay pinangungunahan ng bihasang mga instructor ng Brampton Recreation sa pamamagitan ng WebEx.

Ang bayad para pumasok sa isang lingguhang birtwal na camp ay \$75, na kabilangan ng hindi maref- refund na \$25 material kit. Ang mga birtwal na camp ay may kasamang material kit na kailangang kunin bago ang petsa ng pagsisimula ng camp, Ibibigay sa mga kalahok ang isang email ng tagubilin na may mga detalye kaugnay ng mga lokasyon ng pag-pick-up at oras.

Ang deadline para magpatala sa birtwal na camp ay sa Biyernes bago magsisimula ang camp. Tumawag sa 311 o bisitahin ang [www.brampton.ca/reccamps](http://www.brampton.ca/reccamps) para mag-register.



## Service and Information Update

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)